

# Awit Ng Manggagawa

*Bangon sa pagkakagupiling,*
*Bangon ka uring alipin*
*Sa daigdig iyong pilitin*
*Demokrasya'y tanghalin.*

*Halina at ating usigin,*
*Laya nati'y sinisiil*
*Buhay dugo ay puhunanin*
*Tanikala ay lagutin.*

*Ito'y huling paglalaban*
*Tunay na kalayaan*
*Ng manggagawa sa buong daigdigan.*

*Wala tayong maaasahang*
*Lingap sa mga gahaman*
*Kaya tayo'y magbagong buhay*
*Hirap nati'y lunasan.*

*Manggagawa huwag mong tulutan*
*Apihin ka habang buhay*
*Hanapin mo ang kalayaan*
*Panlulupig ay wakasan.*

*Ito'y huling paglalaban*
*Tunay na kalayaan*
*Ng manggagawa sa buong daigdigan.*